

Pag-aaral sa mga Wikang Muslim: Isang Panimulang Sarvey

MARIE JOY D. BANAWA


Abstrak

Tinipon ang mga pag-aaral na nagawa mula sa Panahon ng Kastila hanggang 1985 ng mga wikang Muslim tulad ng Maguindanao, Maranao, Tausug at Sama-Bajau upang maimbentaryo, maklasipika, mailarawan at masuri ang iba't ibang pag-aaral na gramatikal ng mga nabanggit na wikang Muslim.

Introduksyon

Ang papel na ito ay isang deskriptibong pagsusuri sa mga pag-aaral na nagawa na sa mga wikang Muslim. Layunin nito ang maimbentaryo, maklasipika at mailarawan ang mga grammar na nasulat; historikal na masuri ang iba't ibang pag-aaral na gramatikal; mapahalagahan ang mga natatanging pag-aaral na gramatikal; at masusyoy ang development, kalakaran at tunguhin ng mga pagsusuring linggwistik sa mga wikang Muslim.

Sa pagkalap ng mga datos, pumunta ang risertser sa iba't ibang aklatan. Karamihan sa mga datos na nakalap ay nakuha sa Summer Institute of Linguistics. Dahil apat na wika ang sakop ng pag-aaral, inilista lahat ang mga gramatikal na pag-aaral na nakalista sa subject index catalogue. Pagkatapos magawa ang listahan ng mga nagawang pag-aaral tungkol sa grammar ng mga wikang Muslim, ito'y ibinigay sa libraryan upang makuha ang mga materyales. Ang mga materyales ay mga artikulo, libro at mga datos na nakasulat sa micro-fiche. Sinuri at kinalasipika ang bawat pag-aaral ayon sa aspeto ng grammar nito.

 Si MARIE JOY D. BANAWA, (Associate Professor V) ay kasalukuyang guro ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, MSU-IIT.

Labintatlong (13) kultural-linggwistikong grupo na matatagpuan sa Timog bahagi ng Pilipinas ay napag-alamang Muslim, subalit ang digri kung paano nila naiintindihan at tinatanggap ang pananampalatayang Islam ay nagkakaiba. May apat na malaking grupo ng mga Muslim sa Mindanao: Maguindanao sa rehiyon ng Cotabato at Maguindanao; Maranao sa Lanao del Sur; Tausug sa arkipelago ng Sulu; at Samal na kabilang na ang Yakan, Jama Mapuns at Badjao (Gowing:1974). At sa grupo ng mga Samal, pinili ang Bajau dahil ang wikang ito ang may pag-aaral nang nagawa. Natuklasan na ang mga Tausug ang pinakadominante sa lahat ng grupong Samal. May mga naunang pag-aaral na nagsasabi na ang mga Tausug ang unang nanirahan sa Sulu at ang Sama-Bajau ang kasunod na dumating mula sa dagat ng Timog-Kanluran, mula sa Johore ng Malay Peninsula. Natuklasan na mas nauna ang mga Samal kaysa sa Tausug sa Timog-Kanlurang Mindanao at Sulu. Ang gumagamit ng wikang Tausug ay nagmula sa Hilagang-Silangan ng Mindanao mga 700 taon na ang nakalipas (Pallesen:1985). Upang mas lalong maunawaan ang papel na ito, narito ang maikling deskripsyon ng bawat grupo.

Maguindanao

Ang Maguindanao ang pinakamalaking etnikong grupong Muslim sa Pilipinas. Sila ay tinatawag na "Magingadsadanao" na ang ibig sabihin ay mga taong naninirahan sa gilid ng ilog, ang ilog Pulangi na kilalang Rio Grande de Mindanao. Maaari silang tawaging "Maguindanaos" at "Magindanaus" (Llamzon:1978). Ang mga Maguindanao ay naninirahan sa lalawigan ng Maguindanao, subalit nakakalat din sila sa mga lalawigan ng Cotabato at Zamboanga del Sur. Kasama ng Maranao at Iranun, sila ang bumubuo ng Danao Group (Allison:1979), isang sub-grupo ng mga wika na kabilang sa grupo ng Meso-Mindanaoan na kabilang din sa mga wika ng Katimugang Pamilyang Filipino. Ang wika ng mga Pilipinong Muslim na ito ay "Magindanaw" o "Maguindanao". Batay sa Censur ng taong 1980, may 480,367 na nagsasalita ng wikang Maguindanao (Gonzales:1986).

Maranao

Ang mga tao (karamihan Muslim) na nakatira sa lalawigan ng Lanao del Sur at mangilan-ngilan sa lalawigan ng Lanao del Norte sa isla ng Mindanao ay karaniwang tinatawag na "Maranaw" o "Maranao" na ibig sabihin ay "mga tao sa lawa". Binigyan sila ng ganitong tawag dahil karamihan sa mga Maranao ay naninirahan sa gilid ng Lawa Lanao (Llamzon:1978). Ang Lawa

Lanao na pinakamalaking lawa sa Pilipinas ay tinatayang may 2,300 feet above sea level. Ito'y dumadaloy sa Agus River patungo sa Talon Maria Cristina na may 18 milya pahilaga. Ang Talon Maria Cristina ay isa sa kilalang talon sa Pilipinas na matatagpuan sa Lungsod ng Iligan. Ang wikang Maranaw ay malapit sa mga menor na wika ng Pilipinas dahil na rin kabilang ito sa mga wika ng Katimugang Pamilyang Filipino (David, Thomas at Healey ng SIL). Ang Iranun ay isang barayti ng Maranaw. Batay sa Censur ng 1980, may 511,894 na marunong magsalita sa wikang Maranaw (Gonzales:1986).

Tausug

Isa sa mga grupong Muslim sa arkipelago ng Sulu lalo na sa mga isla ng Jolo, Tawi-Tawi, baybaying dagat ng Basilan at baybaying silangang bahagi ng Malaysian Borneo ay mga "Tawsug" o "Tausug" na mula sa mga salitang (man) at suug (sea current). Ang ibang tawag sa kanila ay "Taw Suluk", "Sulu Moro", "Sulus", "Joloano" at "Jolo Moros".

Ang lenggwahe ng mga Tausug ay kahawig sa Bisaya (sinasalita ng Negros, Cebu at Leyte) at sa iba pang lenggwahe sa Mindanao-Sulu (Weekes:1984). Ang lenggwahe ay may pagkakaiba sa bawat lugal dahil sa dayalektal na baryasyon nito subalit ang Tausug ang lingua franca sa arkipelago ng Sulu. Ang Censur ng 1948 ay nagsasabi na may 237,291 na nagsasalita ng wikang Tausug, at sa taong 1960, may 307,584 at 1970 ay mayroong 363,802 na nagsasalita sa wikang ito (Llamzon, 1978).

Bajau

Mas kilala sila sa tawag na mga taong dagat, dahil ang mga Bajau ay nakatira sa mga bangka. Kabilang ang Yakan, Samal at Bajau sa mga nakakalat sa mga dagat ng Timog bahagi ng Sulu, silangang bahagi ng Borneo, at silangang bahagi ng Indonesia (Weekes:1984). Tinatawag ang mga Bajau sa iba't ibang pangalan ng mga Tausug, tulad ng "Luwaan" na nangangahulugang taga-labas at "Palau" na nangangahulugang palutang-lutang. Ang mga Samal (Sama) na naging Muslim na nakatira sa lupa ay "Sama ha gimba". May mga Sama ding tinatawag na "kaliaggeh" na ibig sabihin sa Samal na lenggwahe ay marumi o taong grasa. Ang mga Bajau, ay nagtuturing sa kanilang mga sarili na Samal "Sama ha laud" na ibig sabihin ay "Sama sa karagatan." Mas gusto nilang tawagin silang ganito kaysa sa iba pang tawag sa kanila kaya ang resulta, sila ay umalis at mas ginusto pang manirahan sa mga bangka (Llamzon:1978). Ang kanilang lenggwahe ay "Sinama" o mas kilala sa "Bajau", "Badjaw" o "Badjao". Ayon sa Censur ng 1948, may 143,150 na

nagsasalita sa wikang Bajau, at 1960, mayroong 138,833 at sa taong 1970 tumaas ito sa 181,550 na marunong magsalita ng wikang ito.

Pagsusuri ng Pag-aaral sa Gramar ng mga Wikang Muslim

Ilahad sa bahaging ito ang mga gramatikal na pag-aaral na nagawa sa mga wikang Muslim. Ang presentasyon ay ayon sa panahon.

Panahon ng Kastila

Ang pananakop sa pamamagitan ng paghihiwa-hiwalay at pagbubukod-bukod sa mga Pilipino ay isinakatuparan ng mga prayle sa pamamagitan ng pag-aaral nila ng mga wikang katutubo sa halip na ituro ang wikang Kastila. Ang pag-aaral na ito'y isinagawa nila sa pamamagitan ng pagsulat ng mga gramatika't diksyunaryo ng mga wikang katutubo.

"Gramatica de la Lengua Maguindanao" ay gawa ng isang paring Heswita na si Rev. Father J. Juan Mote. Tinalakay ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng wikang Maguindanao sa aklat na ito.

Ang unang pag-aaral tungkol sa wikang Tausug ay isang English-Tausug-Malay Vocabulary noong 1893 ni Cowie. Ito ay nagtataglay ng mga tala tungkol sa gramar ng Tausug.

Panahon ng Amerikano

Nang dumating ang mga Amerikano bilang kahaliling kolonyalista ng mga Kastila ay lalong nabago ang sitwasyong pangwika sa Pilipinas. Nadagdag ang wikang Ingles bilang isang banyagang wika na nagkaroon ng malaking kaugnayan sa buhay ng mga Pilipino.

Ang naging batayan ng aklat na "A Grammar of the Maguindanao Tongue" noong 1906 ay ang "Gramatica de la Lengua Maguindanao." Ito'y isang salin na ginawa ni C.C. Smith, isang Kapitan ng 14th US Cavalry at ito'y inilimbag sa Washington, USA. Narito ang isang sipi sa kanyang panimula:

Ang wika ay ang pagsama-sama ng mga salita para ipahayag ang mga ideya ng mga taong gumagamit nito. Samakatuwid ang wikang Maguindanao ay ang pagsasama-sama ng mga salita na ginagamit ng mga Maguindanaoan para ipahayag ang kanilang mga ideya. Ang gramar ng wikang ito ay sining ng pagsasalita at pagsulat nang tama. Ang gramar ay isang analohiya na tumatalakay

sa pagkaugnay-ugnay ng mga salita sa bawat salita; sintaks na tumatalakay sa pagbubuo ng pangungusap; ng prosodiya na tumatalakay sa tamang pagbigkas; at ortograpiya na tumatalakay sa mga tunog, baybay, at paraan ng pagsulat ng isang wika. (Salin: Introduksyon)

Panahon ng Republika Hanggang Taong 1985

Masasabing sa Panahon ng Republika hanggang 1985 ang may maraming gramatikal na pag-aaral na nagawa.

Taong 1962, pinag-aralan ni Ernest W. Lee, "On Non-Syllabic High Vocoids in Maguindanaw" at taong 1964, pinag-aralan muli ni Lee ang wikang Maguindanaw. Sa pag-aaral na ito, buo ang grammar ng wikang Maguindanaw. Tinalakay niya ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng wikang ito.

Pag-aaral tungkol sa ponolohiya lamang ng wikang Maguindanaw ang ginawa ni Jerry Eck noong 1972. Nagkaroon ng imbentaryo sa mga ponemang Maguindanaw. Pinag-aralan din ang pagpapantig; diin, mga katinig at patinig at iba pa na may kinalaman sa palatunugan ng wikang ito.

Taong 1980, pinag-aralan ni Eric Fleischman ang morpolohiya ng wikang Maguindanaw--"Morphophonemics of Maguindanao." Nakatuon ang pag-aaral sa pagbabagong morpoponemiko ng mga pandiwa sa wikang Maguindanaw.

Isang Amerikano ang masigasig na nag-aaral sa wikang Maranaw, si Howard McKaughn. Ang unang pag-aral ay noong 1958-- "The Inflection and Syntax of Maranao Verb." Nakapokus lamang ito sa mga pandiwa sapagkat may ilang pagbabagong morpoponemiko na nagpakita ng gramatikal na kaugnayan sa pandiwa at sa iba pang salita. Gumawa din si McKaughn ng maikling balangkas sa pagbubuo ng pangungusap na may pandiwa. Ang pag-aaral na ito ay hindi nagbigay ng buong paglalarawan ng ponolohiya dahil ayon kay McKaughn ang istruktura nito ay herarkiyal.

Isa pang pag-aaral ang ginawa ni Mckaughn noong 1959, ang "Semantic Components of Pronoun System". Tungkol ito sa mga panghalip ng wikang Maranaw at ang semantikong sangkap nito.

Taong 1962, lumabas ang pag-aaral ni McKaughn "Overt Relation Markers in Maranao." Pinalawak sa pag-aaral na ito ang pag-aaral na nagawa noong 1958. Ayon sa pag-aaral na ito, ang wikang Maranaw ay kabilang sa pamilyang Tagalog ng mga wika sa Pilipinas, kasabay ng wikang Bisaya, na kabilang sa Malayo-Polinesyo. Isa sa mga katangian ng mga wikang ito ay makikilala dahil nagbabago ang pandiwa upang ipakita ang panahunan, uri ng kilos, punto de bista ng nagsasalita at ang ugnayang

gramatikal ng pandiwa at ng paksa sa pangungusap.

Isang Gramar ng Maranaw (Maranaw Grammar) ang ginawa noong 1963 para sa mga US Peace Corps na nakabase sa erya ng Lawa Lanao. Tinalakay dito ang mga batayang prinsipyo ng wikang Maranaw, at ito'y kanilang intensibong pinag-aralan sa loob ng apat na linggo. Ito'y naganap noong tag-tuyot, taong 1963 sa Mindanao State University, Marawi City. Si John Wolf, isang linggwist ng Yale University, ang naghanda sa lahat ng mga aralin sa gramar.

Nagsagawa rin ng pag-aaral si Robert Ward noong 1964. Kumpleto ang gramar na ginawa ni Ward dahil ang pag-aaral ay tumalakay sa ponolohiya, morpolohiya at sintaks sa wikang Maranaw. Sinundan ito noong taong 1967 nina Robert Ward at Janneth Forster--"Verb Stem Classes in Maranao Transitive Clauses". Tinalakay ang tungkol sa istruktura ng sugnay na makadiwa; tahasang palipat na sugnay at palipat na sugnay na may layon. Sa madaling salita, ang pag-aaral na ito ay nakapokus lamang sa morpolohiya.

Pinag-aralan ni Lois Ashley noong 1963 ang tungkol sa mga pariralang makangalan ng wikang Tausug at sinundan ito ni Seymour Ashley noong 1964 sa kanyang "A Descriptive Analysis of Tausug." Tinalakay sa pag-aaral na ito ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng wikang Tausug.

Taong 1975 at 1977 lumabas ang "Tausug-English Dictionary: Kabtangan Iban Maana" nina Irene U. Hassan kung saan pahapyaw na inilahad ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng wikang Tausug.

Taong 1972, isang M.A. Thesis ni Irma U. Peneyra ng College of Arts & Letters ng Unibersidad ng Pilipinas, ang tumalakay sa wikang Tausug. Ang tesis ay pinamagatang "A Grammatical Sketch of the Tausug Language." Tinalakay sa tesis na ito ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng wikang Tausug.

Si A. Kemp Pallesen ang masigasig na nag-aral sa wikang Samal at kabilang na rito ang wikang Bajau. Kabilang sa kanyang pag-aaral ang mga sumusunod--1974, "Bajau Wordlist", 1974 din "Sama-Bajau Vocabulary Finder List", 1976 "Proto Sama-Bajaw" at noong 1985 lumabas ang isang aklat na "Culture Contact and Language Convergence." Ang aklat na ito ay batay sa kanyang disertasyong pandoktorado na may parehong pamagat. Pinag-aralan ni Pallesen ang mga wika ng Sama-Bajau group. Nagpanukala ng isang bagong sub-grupo ng mga wika (East Mindanao) na ang Cebuano ang major na sangay at ang Mamanwa at Mansaka ang maynor na sangay upang palitan ang naunang haypotesis na ang Cebuano ay kabilang sa Central Philippine Subgroup. Ang pokus ng pag-aaral ay ang paglalapat ng mga kulturang Tausug at Sama-Bajau at ang linggwistikong pagtatagpo (sa ponolohiya, morpolohiya at sintaks) ng mga nabanggit na mga wika.

Pag-aaral sa Tatlong Wika

Si E. Joe Allison ay nagsagawa ng pag-aaral noong 1979-- "PROTO-DANAW: A Comparative Study of Maranaw, Maguindanaw, and Iranun." Layunin ng pag-aaral na ito na (1) ipakita ang iisang lahi ng Maranaw, Maguindanaw at Iranun; (2) tuklasin ang kanilang pinagmulang lahi; (3) buuing muli ang ponolohiya at mga leksikon ng Proto-Danaw, ang inaakalang pinagmulang wika ng Maranaw, Maguindanaw at Iranun.

LAGOM

Sa labintatlong kultural-linggwistikong grupo ng mga Muslim, apat ang maituturing na malalaking grupo na siyang naging sakop sa pagsusuring ito. Ang sakop ng paglikom ng mga pag-aaral ay mula sa panahon ng Kastila tungo sa panahon ng Republika hanggang taong 1985 lamang.

Sa kabuuan, may labindalawang (12) pag-aaral sa gramar, apat (4) sa Maguindanaw; tatlo (3) sa Maranaw; apat (4) sa Tausug; at isa (1) sa Bajau. Sa mga nasabing pag-aaral, may kumpletong gramar na matatawag dahil tinalakay ang tatlong komponent ng gramar: ponolohiya, morpolohiya at sintaks. May pag-aaral na tumalakay lamang sa dalawang komponent, ang ponolohiya at morpolohiya; at may pag-aaral din na isang komponent lang ang binigyan-pansin.

Mapapansin na karamihan sa mga pag-aaral na ito ay gawa ng mga banyaga at kapansin-pansin din na isang ahensya lang ang nasa likod ng mga pag-aaral na ito-- ang Summer Institute of Linguistics.

Rekomendasyon

Batay sa pagsusuring ginawa, ang mga sumusunod ang naging rekomendasyon:

1. Magkaroon ng pagsusuri sa mga gramatikal na pag-aaral ng iba't ibang wika at wikain ng Pilipinas upang maimbentaryo, maklasipika at mapreserba natin ang mga grammar na nasulat na.
2. Ipagpatuloy ang pananaliksik tungkol sa gramar ng mga wika at wikain ng Pilipinas. Isang paraan ito upang lalo pang malinang, mapaunlad at mapayaman ang wikang Filipino at tuloy mapalaganap ang mga etnikong wika ng Pilipinas.

Bibliograpi

- Allison, Joe E. 1979. "Proto-Danao: A Comparative Study of Maranao, Maguindanao and Iranun." Papers in Philippine Linguistics, No. 10 The Australian National University, Canberra.
- Ashley, Seymour. 1973a. "A Case Classification of Tausug Verbs." Sulu Studies 2:70-85. Notre Dame of Jolo College, Jolo, Sulu.
- _____ 1973b. "Notes on Tausug Orthography." Sulu Studies 2: 86-94. Notre Dame of Jolo College, Jolo, Sulu.
- Constantino, Ernesto A. 1990. "Ang mga Wika ng mga Filipino." Nasa **Binhi: Mga Babasahin sa Komunikasyon I**. Lungsod ng Quezon, Unibersidad ng Pilipinas.
- C.C. Smith. 1906. "A Grammar of the Maguindanao Tongue." Government Printing Office, Washington, USA.
- Eck, Jerry. 1972. "Sketch of Maguindanao Phonology." The Summer Institute of Linguistics., Manila, Philippines.
- _____. 1973. "Maguindanao Phonemics." Unpublished Paper Written under the auspices of the Summer Institute of Linguistics., Manila, Philippines.
- Fleischman, Eric. 1980. "Maguindanao Verbal Inflection." Summer Institute of Linguistics, Manila, Philippines.
- _____. 1980. "Phonemics and Morphophonemics of Maguindanao." Summer Institute of Linguistics., Manila, Philippines.
- Gonzales, Andrew & Ma. Lourdes Bautista. 1986. **Language Surveys in the Philippines (1966-1984)**. De La Salle University Press., Manila.
- Gowing, Peter G. & Robert D. McAmis. 1974. **The Muslim Filipinos**. Solidaridad Publishing House., Manila.
- Hassan, Irene U. et al. 1975. **Tausug-English Dictionary: Kabtangan Iban Maana**. Sulu Studies, Coordinated Investigation of Sulu Culture & Summer Institute of Linguistics., Manila, Philippines.

- Llamzon, Teodoro A. 1978. **Handbook of Philippine Language Groups**. Ateneo de Manila University Press, Quezon City, Philippines.
- Lee, Ernest W. 1962. "On Non-Syllabic High Vocoids in Maguindanao." *Studies in Linguistics*, Vol. 16, Nos. 3-4. University of Buffalo, New York, USA.
- _____. 1964. "Maguindanao Language." *General Linguistics*. Vol. VI. No. 1. University of Kentucky & University of Minnesota.
- McKaughn, Howard. 1958. "The Inflection and Syntax of Maranao Verbs." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- _____. 1959. "Semantic Components of Pronoun System: Maranao." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- _____. 1962. "Some Overt Relation Markers in Maranao." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- Pallesen, Kemp A. 1974. "Bajau Wordlist." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- _____. 1974. "Sama-Bajau Vocabulary Finder List." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- _____. 1985. **Culture Contact & Language Convergence**. *The Philippine Journal of Linguistics*. Lifeline Printing Center., Metro Manila.
- Peneyra, Irma U. 1972. "A Grammatical Sketch of the Tausug Language." Unpublished M.A. Thesis. CAL, University of the Philippines.
- Ward, Robert. 1964. "Maranao Phonology." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- Ward, Robert & Janneth Forster. 1967. "Verb Stem Classes in Maranao Transitive Clauses." *Summer Institute of Linguistics*, Manila, Philippines.
- Weekes, Richard V. 1984. **Muslim People: A World Ethnographic Survey**. Greenwood Press, Connecticut, USA.

